# CALAMBALITA

*Vol. 2 No. 013* *August 6, 2018 Bilang 17*




# UNANG LINGGO NG KABATAAN SA CALAMBA, NAKAKASA NA

Nakakasa na ang mga activities para sa Unang Linggo ng Kabataan sa 12-18 Agosto 2018 sa Lungsod ng Calamba. May temang "Safe Spaces for the Youth," pangungunahan ng bagong halal na Sangguniang Kabataan Pederasyon (SKP) President Kenneth Delas Llagas kasama ang City Youth Development Council sa nasabing pagdiriwang kaakibat ang bung suporta ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco.

Hinihikayat ang mga kabataan na makilahok sa buong linggong programa lalo na sa gaganaping parada sa unang araw ng Linggo ng Kabataan, 12 Agosto 2018. Magsisimula ito sa Riverview patungo sa CalamBanga, kaparehas sa ruta ng Buhayani Festival Parade. Maaaring makilahok ang mga kabataan o may edad na 15 hanggang 30 at ang mga sumusuporta sa mga kabataan gaya ng ibang mga organisasyon.

Magsisimula naman ang Junior Model City Official sa Lunes, 13 Agosto 2018. Sa programang ito, may 70 kabataan buhat sa iba't-ibang pampublikong paaralan na pansamantalang papalit sa mga namumuno para mag-observe at maranasan ang mga ginagawa ng mga opisyales ng City Hall. Magkakaroon din sila ng session at maaari ring mabigyan ng pagkakataon na maghain at magpasa ng resolusyon para sa kapwa nila kabataan.

May mga week-long activities din gaya ng photo contest at exhibit upang maipakita ang kontribusyon ng mga kabataan sa kaunlaran ng Calamba. Ang bawat larawan ay kailangan may kaugnayan sa tema at kinakailangang i-post ito sa facebook kasama ang caption nito. Mula rito, pipili ng 20 finalist na isasama para sa exhibit na maaring pumasok sa top 3.

Magkakaroon din ng Youth Got Talent, Youth Fair, Inter-Youth Organizations, Friendly Games at TribYouth o pagkilala sa mga kabataan na nagkaroon ng partisipasyon sa nation building.

Inihanda rin ang isa sa mga kaabang-abang na selebrasyon, ang Youth Night. Dito gaganapin ang Open Jam upang bigyan ng pagkakataon ang mga aspiranteng musicians ng Calamba na maibahagi ang kanilang talento. Kasabay din dito ang spoken word poetry, ibabahagi ng 7 finalist ang kanilang piyesa hinggil sa isyu ng kabataan o isyu ng bayan.

Ayon kay Ms. Maria Cristina Liangco, Section Head ng City Youth Development Council, naisin ng programang ito na magkaroon ng impact at makita ang malaking bahagi ng isang kabataan sa pag-unlad ng lungsod.

(J.Quilao/IIPESO)





# Mechanics and Guidelines

## PHOTO CONTEST & Exhibit
13-17 AUG

1. Any youth resident from the City of Calamba may join the contest. One photo entry only may be submitted by a contest.
2. Photo must be about youth volunteerism and the theme will be "AKSYON: Kabataang Gumagampan ng Tungkulin sa Bayan"
3. Contestant must upload their entry in their Facebook account. Contestant must put a photo caption and brief explanation about their photo entry together with #CalambaCityLinggoNgKabataan2018 #PhotoContest.
4. Photo Caption can be English or Filipino. It must be brief and concise.
5. Entries must be in full color. Photos in black and white or sepia are not allowed.
6. Deadline of entries will be on August 5, 2018.
7. Prizes shall be:
   - 1st Prize: Php 5,000
   - 2nd Prize: Php 3,000
   - 3rd Prize: Php 2,000
   - Consolation Prize : Php 500

8. Contestants must atleast that the entry is his/ her own work and taken solely by him/ her and that the photograph does not infringe on the copyright, trademarks, intellectual property rights of any person or entity. If proven that the entry is not work of the contestant. It will be removed from the roster of finalists without consideration. A technical committee will be form to conduct tests on the raw photo file that will be submitted by the finalists.

## TRIBYOUTH
16 AUG

Recognizing the Youth's Participation in Nation Building

1. Open to all registered youth organizations and youth-serving organizations under the Localized Youth Organization Registration Program of Calamba City.
2. Accomplishments should not be earlier than January 2015.
3. Has great social impact to the community.
4. Follow the format provided.
5. Submit a hardcopy (A4, landscape) in a sliding folder.
6. Submit a softcopy.
7. Provide a video presentation or slideshow of pictures summarizing your organization's accomplishments.
8. All documents will be pre-screened by assigned committee.
9. Deadline of submission is on August 8, 2018 2:00 pm.
10. Panel interview of the primary representatives of the organization who complied with the needed documents will be on August 11, 2018.

*(SUBMIT AT CSSD OFFICE AND LOOK FOR MS. TIN OR MS. ALIW)*

*1. SPOKEN WORD POETRY is a performance art that is word based. It is a writing that is meant to be spoken or delivered with emotions to an audience. It is an oral art that focuses on aesthetics of word play, rhythm, improvisation, rhymes, intonation and voice inflection.*
*2. The spoken word poetry contest is open to all youth, 15-30 years old, with residence in Calamba City.*
*3. Theme will be "DINGGIN: Isyu ng Kabataan, Isyu ng Bayan". Topics will be about current youth issues and social concerns.*
*4. The spoken word poetry must be an original composition and should be in Filipino.*
*5. Audition video must be uploaded to Facebook with caption #CalambaCityLinggoNgKabataan2018 #SpokenWord together with Name, School if any, Address and Age. Deadline is on August 10, 2018.*
*6. Each contestant is given a maximum of 3 to 5 minutes to recite or deliver his/ her piece both on the audition video and final performance. No deduction shall be made if the contestant finishes the delivery in less than the maximum time frame.*
*7. Entries uploaded will be shared on SK Calamba City Facebook page. Only reactions in the shared post will be used for criteria social media reaction for preliminary process.*
*8. Top seven (7) finalist will be chosen among those who sent their video and will be announced on August 14.*
*9. During the actual final performance, the spoken poetry must be delivered from the memory and any movement is confines onstage.*
*10. Appropriate attire for the spoken piece should be worn during the contest.*
*11. Sounds, instrumental, or musical background are allowed to complement the delivery. This will be provided by the contestant. No deduction shall be made if the contestant opts not to have any accompaniment.*
*12. The prizes shall be:*

| | | |
|---|---|---|
| 1st price | : | Php 5,000 |
| 2nd price | : | Php 3,000 |
| 3rd price | : | Php 1,000 |
| Consolation prize | : | Php 500 |

*13. The criteria shall be:*
*AUDITION VIDEO (Preliminaries)*

| | |
|---|---|
| Message and Content of the Piece | -40% |
| Delivery and Performance | -40% |
| Social Media Reaction | -20% |
| Total | =100% |




*14. Screening Committee will be formed consists of representative from YDS, CCYDC and SKF. Another set of judge will be selected during the finals night that will happen during the Youth Got Talent 3.*

***An opportunity for Local Bands consisting of members ages 15-30 years old from schools or communities in the City of Calamba to express and promote their music.***




1. First 10 bands to register will be given a chance to perform.
2. Maximum of 10 minutes to perform for each band.
3. Must bring their own bass, guitars, drum sticks and other instruments.
4. Must submit the profile of your band and line up at CSSD Office and look for Ms. Tin.
5. Songs that contains explicit and violent lyrics will not be allowed in the program.
6. Registration will close after the slots have been completed.

# 40th NDPR WEEK MAS TAMPOK KUMPARA NUNG NAKARAANG TAON

Ipinagdiwang ang 40th National Disability Prevention and Rehabilitation (NDPR) Week na may temang “Kakayahan at Kasanayan para sa Kabuhayan tungo sa Kaunlaran” ng Lungsod ng Calamba noong 16-23 Hulyo 2018.


Ayon kay Ms. Joni Mae Rose V. Vispo, Admin Officer II ng Persons With Disability Affairs Office (PDAO), nagsimulang makilahok ang lungsod ng Calamba sa pagdiriwang ng NDPR Week noong taong 2013 sa pangunguna ng City Social Services Department (CSSD)ngunit nang itatag ang PDAO taong 2016, sila na ang namahala sa pagdiriwang ng nito.

Tampok ang naging pagdiriwang ngayong taon kumpara nung mga nakaraang taon dahil mas marami ang dumalo sa ginanap na motorcade na nagsimula sa Transport Terminal ng SM City Calamba patungo sa Central II noong 21 Hulyo 2018 samantalang sa Persons With Disability (PWD) Got Talent naman ay 15 ang nakilahok; mas marami kumpara nung nakaraang taon na 10 lamang.

Isinagawa rin ang poster making contest at itinanghal na kampyon si Raziel Anne Capilit at 1st runner up si Rolyn Joshua. Inilaban ang dalawa bilang representative ng Calamba para sa poster making contest ng Laguna PWD Federation kung saan sila nama’y nagkamit ng major prizes - si Rolyn bilang 1st runner up at 2nd runner up naman si Raziel.

Inihatid din ang isa sa pinakamahalagang parte ng selebrasyon ang Mini Caravan na ipinagkaloob ng pamahalaan sa mga PWD at kanilang pamilya sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco. Namigay ng 29 customized wheelchair, hearing aid, crutches, at iba pang mga assistive device. Nagkaroon din ng medical at dental mission, TESDA training, livelihood training, at job fair.

Pasasalamat ang inihatid ni Louie Apacionado, Head ng PDAO, dahil kahit maulan ay patuloy pa rin ang suporta ng pamahalaan sa kanilang programa at pagdiriwang. Aniya, sana'y maulit ang paghahatid ng serbisyong mini caravan at maging taunan. (J.Quilao/IIPESO)






MOVE!
Men Opposed to VAW Everywhere!

# MOVE, SINIMULAN SA MGA KAWANI NG CALAMBA CITY HALL

Sinimulan ang pagwaksi sa kaharasan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng seminar na Men Opposed to VAW (Violence Against Women) Everywhere (MOVE) noong 31 Hulyo 2018 na ginanap sa LLC Auditorium, Central II, Calamba City.

Binanggit ni G. Joedel Lomio, Planning Officer III, Department of Social Welfare and Development (DSWD) Region IV-A, sa tala ng pulisya ay tumaas ng 10% hanggang 20% ang bilang ng kaharasan laban sa mga kababaihan dito sa CALABARZON. Kadalasan, lumalabas na may sala ay mga kalalakihan o ang mga tatay, kapatid, boyfriend, ex-boyfriend o mga kamag-anak na lalaki.

Minabuting ipatupad ni Mayor Justin Marc “Timmy” SB. Chipeco ang batas na ibinaba ng national government at pinasimulan ang MOVE sa pangunguna ng City Social Services Department (CSSD) habang ang Human Resources Management Office (HRMO) naman ang mamamahala o susubaybay sa nasabing programa.

Ayon kay Gng. Celina Manabat, City Government Department Head ng CSSD, hindi madaling tanggalin ang kaharasan sa ating lugar ngunit ang MOVE ay malaking paunang hakbang upang matigil ang pagtaas ng bilang nito.

Isinakatuparan ang MOVE upang magbigay ng impormasyon o paalalahanan ang mga kalalakihan hindi lang sa kanilang mga karapatan kundi pati na rin sa kanilang responsibilidad, ani Gng. Maxima Lapastora, City Government Department Head ng HRMO.

Dagdag pa niya, sinimulan ang MOVE sa mga empleyado ng gobyerno upang maging modelo o ehemplo sa iba pang mga kalalakihan kahit saan man sila magpunta, sa tahanan, pang publikong lugar o maging sa lugar na kanilang pinagtatrabahuhan.

Para kay G. Philip Bautista, Community Affairs Officer III ng City Tourism Office, malaking tulong ang MOVE upang mas maunawaan ng mga tulad nilang lalaki ang kanilang tungkulin bilang kalalakihan at maganda na masimulan ito sa tahanan.

Sa pagtatapos ng programa, nagkaroon ng eleksyon na siyang bubuo sa MOVE Calamba Chapter at magpapatuloy ng nasimulang programa sa lungsod. Ang mga nahalal bilang taga pamuno ay ang mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| PRESIDENT | : | Segundo Magpantay (GSO) |
| VICE PRESIDENT | : | June Montano (SP) |
| SECRETARY | : | Francis Galang (HR) |
| TREASURER | : | Raul “Bong” Almoro (ACCOUNTING) |
| PRO | : | Rodelio Aruta (ACCOUNTING) |
| | | Malakas Mendoza (GSO) |
| | | Julian Apacionado (ADMIN) |
| | | Danilo Isidro (HOUSING) |
| SGT. AT ARMS | : | Froilan Canillas (BPTFO) |
| | | Randy Lara (ENG) |

*(J.Quilao/IIPESO)*



## BAGONG ONLINE SYSTEM NG DFA, GINAMIT NA SA 3rd PASSPORT ON WHEELS

Calamba City, Laguna - Isinagawa na ang makabagong proseso ng passport application sa ika-3 Passport-on-Wheels na ginanap noong 9 ng Hulyo 2018 sa Lina Lajara-Chipeco (LLC) Auditorium, Central 2, Calamba City sa pamamagitan ng Department of Foreign Affairs (DFA) sa pakikipagtulungan ng Information, Investment Promotions and Employment Services Office (IIPESO).

Sa bagong prosesong ito, kinakailangan ay may active email account dahil dito ipapadala ng DFA ang reference number na maaaring bayaran sa lahat ng bayad centers sa halagang 1,250. Pagkabayad, makakatanggap muli ang kliyente ng isang email na naglalaman ng application form, appointment details at resibo ng pinagbayaran.

Ayon kay Ms. Noemi Talatala, Department Head ng IIPESO, nagsimula ang pag-poproseso ng form noong Hunyo 20 hanggang 27 ngunit na-extend ito hanggang Hunyo 30 dahil marami pang natirang slots. Umabot sa 1,216 ang kabuuang bilang na nabigyan ng form at 1,182 naman ang nakakuha ng passport.

Sa kabuuan ay naging matagumpay ang pangatlong Passport-on-Wheels sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" H. Rizal, Sangguniang Panlungsod at Department of Foreign Affairs (DFA) na naglalayong ma-serbisyuhan ang mga Calambenyo na nagnanais na makakuha o 'di kaya'y makapag-renew ng kanilang mga passport.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga Calambenyo lalo na ang mga Senior Citizens at OFWs dahil hindi na sila mahihirapan pang kumuha ng appointment online at pumunta sa mga tanggapan ng DFA.

*(J.Cabactulan/J.Quilao/IIPESO)*




## SERBISYO CARAVAN SA BARANGAY MAJADA OUT, TAGUMPAY KAHIT MAULAN

Matagumpay na naihatid ang programang 'SERBISYO CARAVAN' sa Brgy. Majada Out, Calamba City sa kabila ng walang tigil na pagbuhos ng ulan noong 17 Hulyo 2018.

Ayon kay Kgg. Roel Fajardo, dating konsehal na ngayo'y bagong halal na Barangay Chairman ng Majada Out, isang kagalakan na naihatid sa kanilang lugar ang programang ito ng ating pamahalaan sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy" S.B. Chipeco. Ikinatuwa rin niya na marami pa rin ang nakapunta at nakatanggap ng serbisyo kahit umuulan.

Sulit naman para sa isang senior citizen ng Majada Out na si nanay Engracia Hernandez Dionisio ang Serbisyo Caravan dahil siya'y nakapagpacheck-up at nagkaroon pa ng libreng gamot. Hiling ni nanay na sana'y magpatuloy pa ang mga ganitong programa ng gobyerno.

Bukod sa medical services na natanggap ni nanay, may mga ipinamigay ding wheelchair, hearing aid, at saklay. Mayroon ding libreng gupit, manicure, pedicure at masahe mula sa Calamba Manpower Training Center (CAMTRAC). May iba't-iba ring istasyon upang magbigay ng assistance sa nais magkaroon ng Person with Disabilities (PWD) identification card (I.D.), solo parent I.D. at mag-proseso ng dokumento sa Social Security System (SSS), Alternative Learning System (ALS), PhilHealth, Pag-ibig, at marami pang iba.

Sa mga nagnanais naman na makapagtrabaho, may inihandog na job fair ang pamahalaan kasama ang iba't-ibang kompanya rito sa lungsod gaya ng Tongshing, RGIP, Metropac Movers, Epson, at Leslie Corporation.

Kasama rin sa serbisyo ang pagbibigay ng libreng pagpaparehistro sa mga wala pang birth certificate pati na rin libreng cedula at notaryo na kakailanganin sa pag-aayos ng dokumento. Nabigyan din ng pagkakataon ang mga residente na makakuha ng hanggang dalawang kopya ng birth certificate kapag napirmahan ni Mayor ang mga dokumento sa mismong araw na 'yon.

Naglaan din ng oras para sa open forum upang mabigyan ng pagkakataon ang mga mamamayan sa Majada Out na maghain ng katanungan o paglilinaw na agad namang sasagutin ni Mayor Timmy.

Tagumpay ang naging programa para sa mga nakilahok at tumulong na magbigay ng serbisyo gaya ng Bureau of Fire Protection (BFP) at Philippine National Police (PNP) ng lungsod na nagkaloob din ng fire extinguisher, hand caps at flashlight, at iba't-iba pang kagawaran ng pamahalaan kaya naman pasasalamat ang hatid ng mga residente ng Brgy. Majada Out. *(J.Quilao/IIPESO)*

# CHRMO HEAD RECEIVES RECOGNITION FROM CSC RO 4

Calamba City Human Resource Management Officer, Ms. Maxima O. Lapastora, received a Certificate of Recognition from the Civil Service Commission Regional Office No. 4 during the 25th Region 4 Annual Conference of the Human Resource Management Practitioners (CHRMP) held at the Virginia Centurione Bracelli School in Odiongan, Romblon last May 22 to 24.

Lapastora accepted the recognition for spearheading the City Government's efforts in ensuring the successful compliance to CSC's rules and regulations, and for the successful implementation of the Program to Institutionalize Meritocracy and Excellence in Human Resource Management (PRIME-HRM). This led the City Human Resource Management Office (CHRMO) to meet the enhanced Maturity Level 2 Indicators in the four (4) Core HR Systems, namely:

Recruitment, Selection and Placement; Performance Management; Learning and Development; and Rewards and Recognition.

"This would not have been possible without the support of the City Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, the City Vice-Mayor Roseller "Ross" Rizal, the Sangguniang Panlungsod and all the other departments of the City Government of Calamba," Lapastora stated.

Mayor Timmy, in turn, congratulated the CHRMO and reiterated his support to its programs. "A happy bureaucracy will work more productively to provide better services to our constituents," Mayor Timmy said. *(Tasha Jomi B. Nuñez)*




## IIPESO CALAMBA

## LOCAL RECRUITMENT ACTIVITY
8:00AM Lower Ground 09
CALAMBA CITY HALL

## AUGUST 2018 SCHEDULE

| | |
|---|---|
| AUGUST 1, WEDNESDAY | GDE Integrated HRM |
| AUGUST 2, THURSDAY | EPSON |
| AUGUST 3, FRIDAY | SANYANG |
| AUGUST 7, TUESDAY | EPSON |
| AUGUST 8, WEDNESDAY | SERBIZ |
| AUGUST 9, THURSDAY | IONICS EMS |
| AUGUST 14, TUESDAY | EPSON |
| AUGUST 15, WEDNESDAY | GDE Integrated HRM |
| AUGUST 16, THURSDAY | IONICS EMS |
| AUGUST 17, FRIDAY | NEXEM |
| AUGUST 23, THURSDAY | IONICS EMS |

GDE Integrated HR Management Solutions, Inc. · SAN-YANG Furniture · IONICS EMS, INC. · EPSON · Serbiz Multi-Purpose Cooperative · NEXEM Electro Mechanical Devices for Next


@CCIOIIPESO · @IIPESO_Calamba · @IIPESO_Calamba · 049-545-6789 LOCAL 8011

TRABAHO SA BAWAT CALAMBEÑO






# CITY RESOLUTION NO. 14 SERIES OF 2005




# TRUCK BAN

## ALONG MAYAPA ROAD

**FROM** Tulay ng Mayapa **TO** Barangay Canlubang Gate

## 5:00 AM - 9:00 AM
## 4:00 PM - 7:00 PM

- Closed Vans
- Dump Trucks
- Wheeler Trucks (with 6 or more wheels)

* EXCEPT SERVICE/SHUTTLE BUSES

**1st OFFENSE:** Php 300 MULTA

**2nd OFFENSE:** Php 500 MULTA

**3rd + OFFENSE:** 5 araw - 6 na buwang pagkabilango o multang Php 600 hanggang Php 1,000 o parehong kaparusahan ayon sa pagpapasiya ng hukuman




CALAMBA CITY

POSO

PUBLIC ORDER AND SAFETY OFFICE CALAMBA CITY 2010

HOTLINE 0998 849 0343

INFOGRAPHICS BY: IIPESO CALAMBA




# DIRECTORY

OFFICE | LOCAL NO. **545-6789**

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**

545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225

**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. EDISON NATIVIDAD | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**IT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895

KALAN+BANGA FYI


# CALAMBALITA

## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*

*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*

**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/





https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

